# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KAARANIWANG PULONG NG. KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-2 NG SETYEMBRE, 1998, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar ......... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ......... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison ............ | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon ............ | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas ........... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca ............ | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Angelito U. Limjuco ......... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 118-T'98-H**

**KAPASIYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGG. PUNONG LALAWIGAN JOSE D. LINA, JR. NA MAPAGKALOOBAN ANG PAMAHALAANG B[redacted]NG SANTA CRUZ, LAGUNA NG DALAWANG TIMBANGAN NA PANG DAL[redacted]PU'T LIMANG KILO AT PANG LIMAMPUNG KILO PARA SA KAPAKANAN NG MGA MAMIMILI SA PAMILIHANG BAYAN NG SANTA CRUZ.**

**SAPAGKA'T,** matapat na hangarin ng pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna na makahiling sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. ng dalawang timbangan upang matugunan ang pangangailangan ng mga mamimili sa Pamilihang Bayan ng Santa Cruz at makatiyak sa tamang sukat at timbang ng mga panindang kanilang binibili;

**SAPAGKA'T,** malaking tulong ito sa pagsukat at pagtitimbang ng malalaking bulto ng mga kalakal na hinahango't binibili sa mga mangangalakal sa loob ng Pamilihang Bayan ng Santa Cruz;

**SAPAGKA'T,** walang sapat na pondo ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna para sa pagbili ng naturang kagamitan;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Bernardo E. Ison, at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na mapitagang hilingin sa Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr. na mapagkalooban ang pamahalaang bayan ng Santa Cruz, Laguna ng dalawang timbangan na pang dalawampu't limang kilo at panglimampung kilo para sa kapakanan ng mga mamimili sa pamilihang bayan ng Santa Cruz.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Lalawigan Jose D. Lina, Jr., Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban, Gumaganap na Tagapangasiwa ng Pamilihang Bayan at Pambayang Ingat-Yaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTITIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan